

44 Cartoon artist

Ano ang cartoonist?

Ang trabaho ng cartoon artist o cartoonist ay gumuhit ng mga cartoon karakter. Bukod sa linguhang paglalathala sa weekly magazine at iba pang libro, may mga dalubhasang cartoonist din na gumuguhit para sa business advertisement. Sa kasalukuyan, dumarami na rin ang gumuguhit ng cartoons sa pamamagitan ng paggamit ng computer. Ang trabaho ay nanggagaling mula sa request ng cartoon publisher. May cartoonist na mag-isa lang gumuguhit ng lahat at mayroon ding cartoonist na hinahati sa assistant ang ilang mga parteng dapat iguhit nito.

Gusto kong maging Cartoonist!

Hindi kailangan ang anumang kuwalipikasyon o educational attainment para maging isang cartoonist. Karamihan sa mga cartoonist katulad ng ini-imagine na lahat ay nakikilala sa pamamagitan ng pagsali sa mga konstest at pagpasa ng kanilang mga likha ng mga publications sa mga weekly magazines

Ang mga baguhang cartoonist ay nagsisimulang magtrabaho bilang assistant ng ibang cartoon artist para pag-aralan ang skills kung paano ginuguhit ng mga eksperto ang kanilang cartoon karakter. At maaring mag-enroll sa vocational school para mapag-aralan ang technique bilang isang cartoonist.